Pag-release ng Balita

IMPORMASYONG SENSITIBO SA MERKADO
Naka-embargo hanggang 0730 ICT (0030 UTC) 3 Hulyo 2023

# S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™

## Banayad na bumuti ang mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa buwan ng Hunyo

**Mga pangunahing nalaman:**

Mas mahinang paglago sa output

Bumagsak ang employment sa pagmamanupaktura

Naging banayad ang mga pressure sa inflation

Kinolekta ang data noong 12-26 Hunyo

Ipinapakita ng pinakabagong data ng ASEAN PMI na may banayad na pagbuti sa mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa buong rehiyon sa buwan ng Hunyo. Parehong lumawak ang produksyon at mga bagong order noong Hunyo. Gayunpaman, lumihis ang mga trend kasabay ng pagbanayad ng paglago sa produksyon ng pagmamanupaktura sa loob ng ika-anim na buwan, habang lumawak naman ang mga order sa pabrika sa bahagyang mas mabilis na rate. Gayundin, umikli ulit ang mga average na lead time para sa mga input sa pagtatapos ng pangalawang quarter, at lalo pang kumalma ang mga pressure sa inflation.


Gayunpaman, sa kabila ng mga tuloy-tuloy na upturn sa output at sales sa buong sektor, hindi pa rin napapataas ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura ang employment para sa ikaapat na magkakasunod na buwan.

Ang headline na S&P Global ASEAN Manufacturing *Purchasing Managers' Index (PMI™)* ay umabot ng 51.0 sa buwan ng Hunyo, na bumaba mula sa 51.1 noong Mayo. Dalawang magkasunod na buwan nang bumababa ang headline na figure, kung saan isinasaad din ng pinakabagong reading ang pinakamababang naitalang pagbuti sa mga kundisyon ng operasyon mula noong Marso.

Ipinapakita ng data ayon sa bawat bansa na lima sa pitong constituent ng ASEAN na na-monitor ng survey ang nag-ulat ng mas malalakas na kundisyon sa negosyo sa buwan ng Hunyo. Nangunguna sa upturn ang Thailand. Bagama't solido (PMI sa 53.2), bumaba pa lalo ang rate ng paglago mula sa mataas na marka nito noong Abril, na nag-signal ng mas banayad pang expansion sa buwan ng Hunyo.

Kung pagsasamahin, ang paglago sa buong Singapore (52.7) at Indonesia (52.5) ay banayad sa pangkalahatan.

**S&P Global ASEAN Manufacturing PMI**
sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan




Pinagkunan: S&P Global.

Kaugnay nito, bumilis ang mga rate ng expansion sa dalawang bansa, na siyang nagpapakita ng pinakamalakas na uptick sa loob ng pito at dalawang buwan. Dagdag pa rito, ang dalawang bansang ito lang ang nakapagtala ng mas malakas na paglago sa buwan ng Hunyo.

Gaya sa sitwasyon mula pa noong Pebrero 2022, nagtala ang mga Pilipinong manufacturer ng pagbuti sa kalagayan ng sektor sa pagmamanupaktura nito. Kaugnay nito, ang seasonal na naa-adjust na headline na figure (50.9) ang pangalawang pinakamababang naobserbahan sa naunang binanggit na sequence, na nagpapakita lang ng banayad na pagbuti sa pangkalahatan.

Ang mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa buong Myanmar ay nag-ulat din ng bahagyang pagbuti sa mga kundisyon ng operasyon. Bagama't mas mahina kumpara sa mataas na naitala sa survey noong Abril, ang reading na mas mataas sa 50.0 ay isa pa ring positibong development para sa sektor na ito na naging napakababa sa loob ng malaking bahagi ng huling tatlong taon.

Ang mga numero ng headline mula sa Malaysia at Vietnam ay patuloy na nagpapakita ng pagbagsak ng mga kundisyon sa negosyo, kung saan ang mga paghina ay naitala sa loob ng ikasampu at ikaapat na buwan ayon sa bawat bansa. Bagama't nagpakita ang mga manufacturer sa Malaysia ng pinakamabilis ng pagbasak mula noong Enero (47.7), nagsaad naman ang mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa buong Vietnam ng mas bahagyang downturn (46.2) kumpara sa malaking pagbaba na naiulat sa naunang survey period.



Copyright © 2023 S&P Global

Naging sentro ng pagbuti ng mga pangkalahatang kundisyon sa pagmamanupaktura sa ASEAN ang mga karagdagang expansion sa mga bagong order at output. Bagama't nakapagtala ng mas mabilis na rate ng pagtaas ang naunang nabanggit, lumaki ang dami ng produksyon sa pinakamabagal na rate mula Disyembre 2022.

Kaugnay ng mas banayad na uptick sa output, pinalawig ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura ang kanilang aktibidad sa pagbili sa pinakamabagal na rate sa loob ng limang buwan. Sa usapin ng mga inventory, nagpatuloy ang mga kumpanya sa pagbuo ng kanilang mga stock ng mga hilaw na materyales at semi-finished na produkto para sa ikatlong magkakasunod na buwan. Gayunpaman, naubos ang mga inventory pagkatapos ng produksyon sa ikalawang magkasunod na buwan, bagama't maliit lang.

Sa iba pang lugar, patuloy na nagpakita ng mga senyales ng pagbuti ang mga supply chain, dahil sa pag-ikli ng mga average na lead time para sa mga input sa loob ng ikaapat na magkakasunod na buwan ngayong Hunyo. Bagama't banayad sa pangkalahatan, ang rate ng pagbuti ng mga delivery time ang pinakakapansin-pansin sa loob ng tatlo at kalahating taon.


Dagdag pa rito, nakatulong ang bumuting kalagayan ng supply para mapakalma ang mga pressure sa presyo sa buwan ng Hunyo. Lumawig ang mga hamon sa gastusin sa pinakamabagal na rate mula Oktubre 2020. Bilang resulta nito, tinaasan ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura ang kanilang mga singil sa pinakamababang naitala mula sa kasalukuyang takbo ng inflation sa presyo ng output na nagsimula noong Nobyembre 2020.

Ang patuloy, bagama't mas banayad na paglago sa buong sektor ay nakatulong sa pagpapanumbalik ng kumpiyansa sa mga kumpanya sa pagmamanupaktura ng ASEAN sa buwan ng Hunyo. Ang antas ng optimismo ay lumakas mula sa 34 na buwan nang mababang antas nito noong Mayo. Dahil dito, nananatiling mas mababa sa average na naitala sa buong history ng serye ang pinakabagong index reading.

Panghuli, sa kabila ng pangkalahatang positibong performance ng sektor, nabigo ang mga kumpanya sa pagmamanupaktura ng ASEAN na taasan ang employment para sa ikaapat na magkakasunod na buwan. Gayunpaman, nanatiling marginal ang rate ng pagtatanggal sa trabaho, at pareho ito sa mga naitala sa naunang tatlong buwan.

**Manufacturing PMI**

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan




Pinagkunan: S&P Global.

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, Economist sa S&P Global Market Intelligence, na:

*“Nakakita ang sektor sa pagmamanupaktura ng ASEAN ng karagdagang pagbuti sa mga kundisyon sa negosyo sa buwan ng Hunyo, bagama't ang rate ng paglago ay kapansin-pansing mas banayad kumpara sa nakita sa simula ng quarter.*

*“Dahil sa mga patuloy na pagtaas sa mga bagong order at output, nahikayat ang mga kumpaya na palawigin ang kanilang aktibidad sa pagbili. Dagdag pa rito, dahil sa pagbuti ng mga supply chain, nagkaroon ng mga karagdagang senyales ng pagkalma ng pressure sa inflation.*

*“Dahil dito, nagpakita ang pinakabagong data ng higit na pagbagsak sa employment sa sektor ng pagmamanupaktura, na nagmamarka sa ikaapat na magkakasunod na buwan ng pagbabawas. Gayunpaman, senyales ang higit na expansion sa mga backlog para mahikayat ang mga kumpanya na damihan ang kanilang payroll number sa mga paparating na buwan dahil sa lumalaking pressure sa kapasidad.*

*“Patuloy na lumalaban ang rehiyon sa kabila ng pagkalma ng mga naidulot ng COVID. Kaugnay nito, nagsesenyales ng mapanghamong paglalakbay ang mga hindi pa rin natatapos na kawalan ng kasiguraduhan sa ekonomiya sa buong mundo at mga pabago-bagong rate ng patakaran sa buong mundo.”*

-Tapos na-

PMI™ by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global

# Pag-release ng Balita

## Makipag-ugnayan

**S&P Global Market Intelligence**
Maryam Baluch
Economist
Telepono +44-12-4432-7213
Email: maryam.baluch@spglobal.com

**S&P Global Market Intelligence**
SungHa Park
Corporate Communications
Telepono +82 2 6001 3128
Email sungha.park@spglobal.com

## Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline na figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

## S&P Global (NYSE: SPGI)

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon.

Ang S&P Global ay isang nakarehistrong trademark ng S&P Global Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2023 S&P Global Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan. www.spglobal.com

## Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa https://ihsmarkit.com/products/pmi.html.

*Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa* joanna.vickers@ihsmarkit.com*.* Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited at/o mga affiliate nito.

Pina-publish ang Content na ito ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kinauukulang panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Content Provider") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o availability ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang mga pagkakamali o omisyon (nang pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kasama ang naluging kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng anumang Content.

PMI™ by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global